

Pagsusuring Kritikal sa mga Alamat ng Ikatlong Distrito ng Bohol: Mungkahing Disenyo ng Aralin

CLEOFÉ MARIE BAGTASOS 

Teacher III, Catungawan National High School, Catungawan Sur, Guindulman, Bohol,

Corresponding Author: cleofemarie.bagtasos@deped.gov.ph

ABSTRAK

Article History

Submission: March 22, 2024

Revised: May 3, 2024

Accepted: July 29, 2024

Publication: September 2024

Keywords— alamat, dimensyon, kultura, moral, panitikan

Ang isang kritikal na pagsusuri ay isang maikling teksto na naglalayong suriin at timbangin ang isang masining o pang-agham na gawa. Ang mga kritikal na pagsusuri ay mga tala na naglalarawan o nagbubuod sa pangunahing mga katangian ng nilalaman o tema ng akda. Ninais na makamtan ng pag-aaral na ito na malikom ang mga alamat sa bawat lungsod ng ikatlong distrito ng Bohol. Nilayon

nitong masuri ang mga ito gamit ang Dimensyon ng Pagkatao at Kulturang Pilipino. Ang pag-aaral na ito ay nilapatan ng kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik. Ginamit sa kwalitatibo ang “content analysis” o pagsusuring pangnilalaman na kung saan ang mga mananaliksik ay nakipagpanayam sa mga taal na kalahok na makapagbibigay ng mga kwentong bayan o alamat na maririnig sa kani-kanilang lungsod. Napag-alaman na ang pisikal na dimensyon ang nakakuha ng may pinakamataas na bilang ng mga nakuhang pagpapahalaga na may bilang na dalawanpu’t lima (25). Sa kabilang banda, ang dimensyong politikal ay nakakuha ng pinakamababang tala ng pagpapahalaga na labindalawa (12). Nakita ang mga sumusunod na kulturang Pilipino na lumutang sa mga alamat ng ikatlong distrito: Pagiging masunurin sa magulang at paggalang sa desisyon ng mga ito; Pagiging magiliw sa mga panauhin; Pagiging totoo sa sarili; Pagkamadasalin at pagkamaka-Diyos; Pagtangkilik sa mga sa supernatural na nilalang; Maimpluwensya ang magulang sa desisyon



© Cleofé Marie Bagtasos (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang medium o format) at makapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: <https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/>

ng anak; Pagkakaroon ng lakas ng loob; Bayanihan; Paglalakad; Mapagmasid; Pagmamahal sa likas na yaman; Pagkakaroon ng lakas ng loob; Pagkakaroon ng debosyon sa mga santo at santa; at Pagkamadasalin at pagkamaka-Diyos. Ito ay nagdulot ng implikasyon na halos magkapareho ang mga paksa ng alamat tungkol sa pagpapangalan ng lungsod na bunga ng hindi pagkakaunawaan ng magkaibang lahi. May mga lantad at hindi lantad na mga dimensyon sa bawat alamat na sinuri. Naglalaman ang mga ito ng kaalaman na umaayon sa kasaysayan ng lugar kung bakit naging ganito ang pangalan nito sa kasalukuyan. Ang Pisikal na dimensyon ay humakot ng pinakamataas na bilang na namataan sa mga alamat. Ito ay indikasyon na pinahahalagahan ng mga Boholano ang kaanyuan ng isang indibidwal. Ang kaanyuan ang magsasabi sa magiging estado sa komunidad ng isang indibidwal. Ang implikasyon sa kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagbibigay ito ng suporta sa lokal na mga kaalaman sa ating lugar. Pinapalakas nito ang pagbabahagi ng kasaysayan na hango pa noong unang panahon.

INTRODUKSYON

Ang isang kritikal na pagsusuri ay isang maikling teksto na naglalayong suriin at timbangin ang isang masining o pang-agham na gawa. Ang mga kritikal na pagsusuri ay mga tala na naglalarawan o nagbubuod sa pangunahing mga katangian ng nilalaman o tema ng akda. Ang layunin ng kritikal na pagsusuri, sa diwa na ito, ay upang magbigay ng isang pangkalahatang pananaw sa gawaing napagmasdan, tinitimbang ang ilan sa mga pinaka-natitirang mga tema at sinusuri ang kanilang mga kontribusyon. Ang pagsusuring kritikal sa mga alamat ay naglalayong pagsama-samahin ang iba't ibang alamat sa isang lugar upang mabigyang diin ang kulturang Pilipino. Ang mga alamat na ito ay kilala na sa ating panlipunang tradisyon at kultura, ito ay bahagi na ng panlipunang pamana. Ngunit kaunti lamang ang nagbibigay ng atensyon sa mga Pilipinong alamat, sapagkat iilan lamang na mga guro at mag-aaral ang interesado sa diskursong ito.

Ang mga kuwentong nilikha ng mga tao ay mga salaysay na isinasaad sa prosa. Tinatawag na alamat o kuwentong bayan sa Tagalog, alamat sa Kapampangan, kasugiran sa Cebuano, sarita sa Ilocano, gintunaan o sugilanon sa Ilonggo, kabbata o istorya sa Ivatan, at kissa sa Tausug, ang mga kuwentong bayan ay ipinapasa sa pamamagitan ng pagsasalita sa bawat henerasyon. Kasama rito ang mga mito, alamat, kuwentong bayan, at mga kuwento ng kalokohan (Indigenous Literature in the Philippines: Traditions and Transformations, 2023).

Ang mga mito ay mga salaysay na pinaniniwalaan ng mga lipunang lumikha sa kanila bilang mga tunay na pangyayari noong sinaunang panahon. Ginagamit ang mga ito upang ipaliwanag ang mga bagay sa mundo. Sila ay kalakip ng ritwal at itinuturing na sagrado. Sa pangkalahatan, ang mga mito

ay may dalawang mundo: isa na tinitirhan ng mga nakikitang nilalang at isa na tinitirhan ng mga di-nakikitang nilalang, na mas makapangyarihan kaysa sa nauna. Upang magtaguyod sa pagitan ng dalawang mundong ito, ang mga medium na kilala bilang babaylan sa Visayas at catalonan sa mga Tagalog, na may espesyal na mga kakayahan, ay binabasa ang mga mensahe ng mga diyos mula sa mga palatandaan at namamagitan para sa mga tao para sa kapatawaran at biyaya. Paminsan-minsan, ang mga pinunong espiritwal na ito ay nagbibigay ng alay o nagpapalayas sa kanila.

Marami rin sa mga kolehiyong institusyon at unibersidad ang hindi binibigyang halaga ang kursong ito sa kanilang kurikulum; sa halip, mayroon silang mga mitolohiyang Griyego at Romano bilang mga pangunahing aralin. Bagama't totoo na ang liberal na edukasyon ay dapat na nakatuon sa internasyonal na larangan, subalit kailangan ng tamang balanse upang hindi mapahiwalay sa lokal na kultura. Madalas nating marinig ang mga iba't ibang alamat, gayunpaman bihira tayong magpahalaga nito at unawain ang kabuuhan ng istorya at bigyang puri ang kagandahan ng kulturang Pilipino. Gayundin, ang mga oral na salaysay na ito ay naging pamilyar sa atin na madalas din nating ituring bilang mga produkto ng walang kabuluhang imahinasyon na nilalayan upang pasayahin o takutin ang isang bata. Ang pag-aaral ng alamat ay tunay na kamangha-mangha, sapagkat, tinitingnan natin ang mga ito sa kung ano ang hitsura nila sa kwento at hindi sa mga aspeto kung ano ang mga bagay na ito sa totoong buhay.

Ipinakita ng mga resulta ng pag-aaral ni Casibual (2022) na ang mga nilalang ay limitado sa mga tropo ng Aswang, White Lady, at Diwata na karaniwang mga tauhan sa mga alamat sa lungsod ng Pilipinas. Ang mga motif ay nagpapatibay sa isang gendered na imahe na nakalakip sa bawat nilalang na nagresulta sa mga kalalakihan bilang mga biktima at tinitingnan bilang mga layon ng poot, kung saan ang paggamit ng palette ay epektibo sa pagpapadama ng ninanais na epekto sa isang urban horror na kuwento. Dahil dito, ang mga motif na ito ay nagbibigay-katwiran sa tungkuling ginagampanan nila, kung saan ang bawat isa ay nagsasalaysay patungo sa mga isyu sa lipunan at katarungan, kabilang ang mga ekokritikal na alalahanin. Maaaring mapagpasyahan na ang internet bilang isang puwang ng pag-iimbak ay hindi kaaway ng alamat kundi isang kritikal na salik sa pagpapakalat nito at pangunahing tagapagpalaganap ng ating kolektibong kamalayan bilang mga Pilipino. Higit pa rito, inirerekomenda na palawakin ang saklaw ng mga nilalang at dami ng corpus na isasama sa pagsusuri upang magbigay ng isang hanay ng mga natuklasan na magpapakita ng higit pa sa ating mayamang tradisyon ng alamat at panitikan.

Ang alamat ay nagbibigay-diin sa isa sa pinakamahalagang tungkulin sa lipunan, isa na rito ang paglahad ng mga tao sa lohikal na konsepto ng buhay at sistematikong ipahayag ang mga sentimyento nakakabit sa iba't ibang konsepto ng alamat. Nagsilbi itong tradisyon at kaugalian ng bawat Pilipino mula sa pagsasalin ng mga alamat sa pamilya, kamag-anak, lipunan,

at kahit sa mga gobyerno at relihiyosong institusyon. Gayunpaman, ang mga makalumang salaysay tungkol sa mga Pilipino bago paman dumating ang mga Kasila ay umaapaw ng paniniwala sa iba't ibang mga Diyos. Ang mga Diyos na ito ay naninirahan sa dimensyon na nakapaligid sa mundo. Bukod sa mga ugnayang ito, ang mga supernatural na nilalang na ito ay pinaniniwalaang may kontrol sa lahat ng penomena at layon na tulungan ang mga taong sumasamba sa kanila. Isa rin sa mga kamangha-manghang paniniwala sa mga alamat, ay ang magsasaka, ang mangangaso, o ang manlalakbay na nakikipagsapalaran sa mga bukirin, burol, at kagubatan ay dapat munang humingi ng pahintulot sa mga espiritung naninirahan sa paligid kung hindi ay makakatagpo siya ng mga kasawian sa kanyang paglalakbay.

Sa Iloilo, ang mga sinaunang mito at alamat ay bumubuo ng isang mayamang pamana ng kultura na ipinasa sa iba't ibang henerasyon. Ang mga kuwentong ito ay nagpapakita ng paniniwala at mga pagpapahalaga ng komunidad, na nagpapakita ng kanilang koneksyon sa kalikasan, espiritwalidad, at karunungan ng mga ninuno. Ang kultural na tela ng Iloilo ay malalim na nakaugat sa pre-kolonyal na kasaysayan nito. Malaking papel ang ginagampanan ng mga kuwentong bayan sa pagpapanatili ng kasaysayan at pamana ng kultura ng komunidad. Ang mga mito, alamat, at kuwentong ipinasa sa bawat henerasyon ay patuloy na nakakaimpluwensya sa mga paniniwala at pagpapahalaga ng komunidad (Pineda, 2024).

Umuusbong ang mga tradisyunal na gawain sa Iloilo, kasama ang mga katutubong ritwal, sayaw, at musika. Ang mga lokal na pagdiriwang tulad ng Dinagyang at Paraw Regatta ay patunay sa pagsasama-sama ng mga kuwentong bayan, pananampalataya, at diwa ng komunidad. Ang mga makukulay na pagdiriwang na ito ay nagdadala ng komunidad upang magkasama, pinarangalan ang kanilang mayamang pamana ng kultura at kuwentong bayan. Sa Iloilo, nabubuhay ang mga mito at alamat, na walang putol na humahalo sa modernong buhay. Ang bawat hibla ng kultural na tela ay nagkukuwento na naghihintay na mabunyag.

Sa pamamagitan ng elaborasyon ng mga katutubong salaysay na ito, ang mga etikal at relihiyosong pananaw sa buhay ay nagkakaroon ng tiyak na anyo at katangian sa mga tao. Sa katulad na paraan, mula sa mga kuwentong ito na ang mga interpretasyon ng mga natural na penomena ay umusbong at nagbubunga, nang hindi sinasadya sa ilalim nang magiliw na pangangalaga ng mga naglihi sa kanila, hanggang sa mayayabong na mga dahon ng sining at mga titik. Kung titingnan mula sa pananaw na ito, ang mga alamat ay may higit na nakaabot na kabuluhan kaysa sa inaakala nating mayroon ang mga ito sa pamamagitan lamang ng pag-aaral ng nakalimbag na teksto. Marahil ito ay maaaring tahasang nakasaad sa mga tuntunin kung paano gumaganap ng mahalagang papel ang mga alamat sa buhay panlipunan ng mga sinaunang at kontemporaryong Pilipino. Dapat matanto na ang mga alamat ay nakakaantig sa pinakamalalim na damdamin ng tao. Ang mga takot, sentimyento, hilig, at pag-asa ng tao ay nakakaapekto sa kanyang aktibidad sa lipunan. Sila ang

mga unang kasangkapang ginamit upang bigyang-katwiran at patunayan ang kaayusan ng lipunan at upang ipaliwanag ang mga pangyayari sa kapaligiran.

Ang Bohol ay isang lalawigang matatagpuan sa rehiyon ng Gitnang Visayas. Lungsod ng Tagbilaran ang kabisera nito at nasa kanluran nito ang pulo ng Cebu, nasa hilagang-silangan naman ang Leyte at nasa timog, sa ibayo ng Dagat Bohol, ang Mindanao (Britannica, 2019). Likas na may maraming pinaniniwalaang alamat ang mga Boholano at pilit na ipinapaliwanag ang isang reyalidad na hindi kayang ipaliwanag. Ang mga paniniwala ay lumawak sa iba't ibang dako ng bayan. Ang kaugalian ng mga Boholano ay isang kultura ng taga Bohol kung saan ipinapamalas ng bawat tao sa ating bansa ang mga nakasanayang kaugalian na maaaring makabuti o hindi sa kanilang buhay. Ang karamihan sa mga kaugaliang ay namamana mula sa mga ninuno at ang iba'y sa mga banyagang sumakop sa bansa. Dahil na rin sa layunin at interes ng mananaliksik na e-kompayl at pahalagahan ang mga katutubong salaysay ng mga Boholano, binigyan ng pansin ng mananaliksik ang paglikom ng iba't ibang mga alamat at pagsusuri nito sa mga tema na repleksyon ng buhay at kultura nito sa kontekstong Boholano, partikular na sa mga bayan ng Ikatlong Distrito: Alicia, Anda, Batuan, Bilar, Candijay, Carmen, Dimiao, Duero, Garcia Hernandez, Guindulman, Jagna, Lila, Loay, Loboc, Mabini, Pilar, Sevilla, Sierra Bullones at Valencia. Nagkainteres ang mananaliksik sa pagsusuri sa mga alamat ng mga piling bayan sa Ikatlong Distrito ng Bohol.

Bunsod nito, nahikayat ang mananaliksik na suriin ang mga uri ng alamat sa labinsiyam (19) na bayan ng Ikatlong Distrito ng Bohol, mga napapaloob na dimensyong pantao at dimensyong nangingibabaw, implikasyon ng mga kinalabasan sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino at nilalayon ding makabuo ng disenyo ng aralin na magagamit sa pagbibigay-interes sa mga mag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na magiging makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto kung nakukuha ng guro ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyales at paksang makakapukaw sa kanilang atensyon.

Layunin din nitong ipreserba ang mga natuklasang alamat na maaaring ibahagi sa mga susunod na henerasyon at maipakilala sa mga Pilipinong mag-aaral ang sarili't lipunan upang ang kanyang pambansang identidad at kamalayan ay mapag-isa. Sa halip na puro mga nakasanayang alamat ng mga bagay-bagay ang ginagamit sa pagtuturo sa loob ng klase, mas magkakaroon ng personal, malalim at kawili-wiling partisipasyon at interaksyon ang mga mag-aaral dahil sa ito'y nasa sariling lugar na kinalakihan (Commoner, 2020)

METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay nilapatan ng kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik. Ginamit sa kwalitatibo ang “content analysis” o pagsusuring pangnilalaman na kung saan ang mga mananaliksik ay nakipagpanayam sa mga taal na kalahok na makapagbibigay ng mga kwentong bayan o alamat na

maririnig sa kani-kanilang lungsod. Kaakibat nito ang pagkakaroon ng FGD upang mapanatili ang pagkamakatotohanan at makapagbuo ng mga bagong ideya hinggil sa paglalarawan ng naturang pag-aaral.

Ang pananaliksik ay isinagawa probinsiya ng Bohol. Ang probinsiya ng Bohol ay matatagpuan sa gitnang rehiyon ng Visayas, mayroon itong sukat na 4,821 km² (1,861 milya kwadrado) sa kalupaan at 261 km (162 milya) na haba ng karagatan. Ang Bohol ang pang-sampung (10) pinakamalaking isla sa Pilipinas at tinatawag na Tagbilaran ang kapital ng probinsya. Ang probinsya ng Bohol ay isang first-class na probinsya na nahahati sa tatlong distrito, isang syudad at apatnapu't pitong (47) na mga munisipalidad at 1,109 na mga barangay. Ayon sa sensus ng 2022, mayroon itong populasyon na 1,394,329.

Magkagayun man, pinili sa pag-aaral na ito ang ikatlong distrito ng Bohol na kinabibilangan ng sumusunod na lungsod: Alicia, Anda, Batuan, Bilar, Candijay, Carmen, Dimiao, Duero, Garcia Hernandez, Guindulman, Jagna, Lila, Loay, Loboc, Mabini, Pilar, Sevilla, Sierra Bullones, at Valencia. Napili ng mananaliksik na doon ganapin ang pangangalap ng datos sa kadahilanang ito ay residente ng mismong distrito kung kaya'y mas mapapadali ang pangangalap at makakaiwas sa lumalaganap na pandemya. Ang ikatlong distrito rin ay isang salad bowl sa mga kwentong bayan at alamat dahil na rin sa ito ay isang rural area.

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay ang mga nakatatandang mamamayan sa ikatlong distrito ng Bohol. Gumamit ng random sampling ang mananaliksik sa pag-alam sa mga taong kakapanayamin. Kumuha ng tigatatlong senior citizens ang mananaliksik sa bawat lungsod kung kaya ay may kabuuang bilang ng mga kalahok na limampu't pito (57). Napili ng mga mananaliksik ang mga matatanda o may katandaan na matagal ng naninirahan sa mga nasabing lungsod upang mas magkaroon ng kredibilidad ang isinagawang pananaliksik.

RESULTA AT TALAKAYAN

Binigyang diin sa bahaging ito ang paglalahad, pagsusuri, at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap sa labinsiyam (19) na alamat sa Ikatlong Distrito ng Bohol kung saan inilahad, sinuri, at binigyan ng pagpapakahulugan ayon sa suliranin ng pag-aaral na ito.

Ang alamat ay bahagi ng isang kultura ng isang lugar at ang humuhubog sa moral na kamalayan ng mga mamamayan. Layunin ng pag-aaral na ito na alamin at suriin ang mga alamat ng (19) na lungsod sa ikatlong Distrito ng Bohol.

I. Ang mga Alamat sa Bawat Lungsod ng Ikatlong Distrito ng Bohol

Ang bahaging ito ay nagpapakita ng mga nakalap na alamat sa labinsiyam (19) na lungsod ng Ikatlong Distrito ng Bohol. Makikita sa bahaging ito ang alpabetong pagkakasunod-sunod ng mga alamat na may samu't saring paksa

tungkol sa pinanggalingan ng bawat pangalan ng lungsod.

Ang alamat ng Alicia ay tungkol sa dalawang magkasintahan na sina Elpidio at Alicia. Ang kanilang relasyon ay tinutulan ng mga magulang ni Alicia dahil iniisip nito ang kapakanan ng dalaga dahil si Elpidio ay wala pang nararating sa buhay. Tinanggap ni Elpidio ang hamon ng mga magulang ni Alicia at nagsumikap ang binate at nakipagsapalaran. Umuwi si Elpidio bitbit ang pangako at tinanggap naman ng mga magulang ni Alicia ang mangingibig at humingi ito ng tawad sa binate. Labis ang pag-ibig ni Elpidio para kay Alicia na ipinangalan sa katipan ang ekta-ektaryang lupain na nabili sa Bohol.

Umiikot ang istorya ng alamat ng Anda sa pagitan ng Kutsero at ng isang Espanyol. Habang sakay ng isang karetela ay pina-aandar ito ng Espanyol ngunit hindi maintindihan ng Kutsero kung kaya't inusisa ito. Nagpupumilit ang Espanyol na paandarin ang karetela ngunit tinawanan lamang ito ng Kutsero. Umuwi ang Espanyol sa kanilang bansa at iniulat ang pangyayari na naging dahilan ng paglusob ng mga mas malaking bilang ng Espanyol at sinakop ang Bohol.

Ang alamat ng Batuan ay tungkol sa isang dalagang si Batuan umibig sa isang binatang nagngangalang Anggo. Masyadong nahumaling ang dalaga sa binata kung kaya't binisita niya ito. Ngunit isang araw ay nakita lamang niya ito na may kasamang ibang babae kung kaya't nagalit ito at isinumpa ang dalawa na hindi magiging masaya ang pagsasama. Simula noon ay hindi na kailanman nakita ang dalaga. Namangha na lang ang mga taga-roon dahil may tumbong napuno na namumunga na parang manga. Nang tinikman nila ito ay sobrang asim. Kasabay ng pamumunga ng puno ay ang pagkawala ni Batuan kung kaya't pingalanan nila ang lungsod ng Batuan.

Ang alamat ng Bilar ay tungkol sa isang dayuhan at babae na nagbibilad ng bigas sa daanan. Nagtanong ang dayuhang Espanyol kung ano ang ginagawa nito at kagyat itong sinagot ng babae na siya ay “nagbibilad”. Simula sa tagpong iyon, naipapasa-pasa na ang salitang “bilad” na di kalauna'y naging “bilar” na siyang ipinangalan din sa lungsod.

Ang salaysay ng Candijay ay umiikot sa isang babaeng nagngangalang Dihay. Si Dihay ay iginagalang na babae sa kanilang pamayanan dahil sa kaniyang natatanging katangian. Si Dihay ay nagmamay-ari ng ekta-ektaryang lupain sa kanilang bayan. Ano mang problema sa kanilang bayan ay lumalapit sila kay Dihay at agad niya itong nasosolusyonan. May mga naiinggit at hindi rin pabor kay Dihay ngunit sa kabila ng mga paninira nila ay mas marami pa ang nagtiwala rito. Ipinangalan ang Candijay sa mga katagang /kang/ at /dihay/.

Isang napakagandang alamat ng Carmen na umiinig sa buhay ni Carmen at ang pag-iibigan nila ng isang magsasaka. Tinutulan ng mga magulang ni Carmen ang relasyon ng dalawa dahil iniisip ng mga magulang nito na walang magandang buhay na maibibigay ang isang hamak na magsasaka. Pilit silang pinaghiwalay. Si Carmen ay namatay dahil sa kalungkutan kasama ng kaniyang anak sa sinapupunan. Di naglaon, ipinangalan ang mga lupain at

bukirin na Carmen bilang pag-aala sa dalaga.

Ang alamat ng Dimiao na ito ay tungkol sa mag-asawang sina Ida at Mayaw. Ang mag-asawang ito ay labis na hinangaan sa kanilang bayan dahil taglay nilang kasipagan at kabutihan. Sila ay iginagalang ng mga kanayon. Dahil sa magandang naidulot ng mag-asawa bilang isang magandang ehemplo ay ipinangalan sa kanilang dalawa ang kanilang bayan na ngayon ay Dimiao.

Ang alamat ng Duero ay tungkol sa mga mamamayan na tumulong sa pagpapatayo at pagdidisenyon ng simbahan. Tinawag na /doguero/ ng mga paring Pransiskano ang mga tao sa nasabing bayan dahil nag-aaway-away ang mga ito tungkol sa mga detalye ng paggawa sa simbahan. Ang ibig sabihin ng /doguero/ ay mga matitigas ang ulo.

Napatutungkol ang alamat ng Garcia-Hernandez sa dalawang pari na sina Padre Garcia at Padre Hernandez. Ang mga pari na ito ay tinitingala ng mga mamamayan sa bayan dahil sa kanilang kabutihang loob. Marami ring nagawang Mabuti sa bayan ang dalawang pari at napag-iisa nila ang mga tao. Kung kaya't bilang pagkilala sa dalawa ay ipinangalan sa kanila ang lungsod na ngayon ay Garcia Hernandez.

Ang alamat ng Guindulman ay umiikot sa lugar na madilim at bihira lang masinagan ng araw dahil sa makakapal na puno at mga damo. Sinasabing ang mga tao ay maagang umaalis at bumabalik para hindi maabutan ng dilim sa daanan ng nasabing bayan. Ang bayan nababansagang /dulom/ o di kaya'y /giduluman/ na ang ibig sabihin ay madilim. Lumipas ang mga taon kasabay ng pagpapalit ng katawagan kung kaya't ito ay naging Guindulman.

Umiikot ang salaysay ng alamat ng Jagna sa mga natural na penomena sa kalikasan. May tinatawag na Boho River sa bayan, at ang natura na penomenang nagyayari rito ay ang pagkatuyo nito at lumalabas ang mga isda. Sinasabi ng mga matatanda na “ni-hugna” na di kalaunan ay naging “Jagna” na siyang ipinangalan sa nasabing lungsod.

Ang alamat ng Lila ay napatutungkol sa pagdami ng mga bulaklak sa tubig o “lim-aw”, ang mga bulaklak na ito ay ang mga “waterlily”. Ang mga waterlily ay nagbibigay-buhay sa “lim-aw” o sa tubig na umaagos. Ang lily ay naging “lila” na ipinangalan sa nasabing bayan.

Ang alamat ng Loay ay tungkol sa isang dayuhan at mangingisda na nag-uusap. Tinatanong ng dayuhan kung ano ang nangyayari at sinabi ng mangingisda na “nagloay-loay”. Ang sinasabi ng mangingisda ay ang puno ay nagloay-loay. Sa madaling sabi, hindi halos magkaintindihan ang dalawang nag-uusap. Kagaya ng ibang alamat, ang pangalang Loay ay nagmula rin sa oag-uusap ng isang Pilipino at isang dayuhan.

Kagaya ng ibang alamat, ang salaysay ng Loboc ay tungkol sa isang dayuhan at isang Pilipino. Tinanong ng dayuhan ang Pilipino kung ano ang lugar na iyon sa wikang Espanyol. Ngunit hindi makaintindi ng wikang Espanyol ang Pilipino kung kaya't ang sinabi na lang niya “ga-lubok” o naggigiling ng bigas. Akala ng dayuhan ay iyon ang pangalan ng lugar kung kaya't iyon na ang naipapasa-pasa na katawagan kaya nabuo ang lungsod ng Loboc.

Simple lamang ang nilalaman ng alamat ng Mabini. Ipangalan ang Mabini sa lugar dahil sa estatwang nakatayo sa bayan, ang estatwa ni Apolinario Mabini. Maliban dito, hinahangaan din ng mga taga-Mabini ang nasabing bayani dahil sa prinsipyo nito at pagmamahal sa bayan.

Ang alamat ng Pilar ay tungkol sa pananampalatay ng isang bayan kay Nuestra Senyora del Pilar. Sinasabing ang birhen ay mapaghimala at tumutulong sa mga may problema. Dahil sa pagmamahal ng mamamayan sa birhen ay ipinangalan nila ang kanilang bayan dito na naging lungsod ng Pilar.

Umiikot ang nilalaman ng alamat ng Sevilla sa mga Espanyol at mga Pilipino. Noong una, sinasabing may mga gintong inilibing sa nasabing lugar. Ang mag Espanyol ay nagigiliwan sa mga mamamayan ng Sevilla dahil ang mga ito ay masisipag. Pinangalanan ng mga Espanyol na Sevilla pinangalanan nila ang lugar na ito bilang simbolo ng mga kayamanang ibinaon sa limot ng mga Espanyol sa lugar.

Ang alamat ng Sierra Bullones ay tungkol sa mga gintong ibinaon sa ilalim ng lupa ng mga Espanyol at mga Hapon. Ang dalawang dayuhan ay pawang nagdala ng mga kayaman sa nasabing lugar upang ibaon ang mga ito at sinasabing babalikan pagdating ng araw. Pinangalanan ang bayan na Sierra Bullones na ang ibig sabihin ay Bundok ng Ginto.

Ang alamat ng Valencia ay nagbibigay-pugay sa taus-pusong pananampalataya ng mga taga-Valencia. Maraming pari ang nahumaling sa pagiging relihiyoso ng mga tao doon. Pinangalanan ng isang paring Espanyol na Valencia ang lugar dahil sa tuwing naglalakad siya ay naaalala niya ang pinagmulan niyang bayan ng Valencia, Espanya.

II. Ang mga Dimensyon at mga Pagpapahalagang Nangibabaw sa Alamat sa Bawat Lungsod ng Ikatlong Distrito ng Bohol

Ang dimensyong pisikal ang nanguna sa tala ng may pinakamaraming nakuhang pagpapahalaga o balyus na may kabuuang bilang na dalawampu't lima (25). Ang pagpapahalagang may pinakamaraming bilang ay ang "kaanyuan". Ang dimensyong intelektwal ay nakakuha ng dalawampu't isang (21) pagpapahalaga. Karamihan sa nakuhang pagpapahalaga ay "kritikal na pag-iisip". Ang dimensyong moral ay nakakuha ng labing-apat (14) na balyus at ang may pinakamataas na bilang ng pagpapahalaga ay "kabutihan o kagandahang-loob". Ang dimensyong ispiritwal ay nakakuha ng labimpitong (17) balyus at ang may pinakamataas na bilang ng pagpapahalaga ay "pananalig sa Diyos". Ang dimensyong sosyal ay nakakuha ng dalawampu't isang (21) balyus at ang may pinakamataas na bilang ng pagpapahalaga ay "pananagutang sosyal". Ang dimensyong politikal ay nakakuha ng labindalawang (12) balyus at ang may pinakamataas na bilang ng pagpapahalaga ay "pamumunong may dedikasyon". Ang dimensyong ekonomik ay nakakuha ng dalawampu't isang (21) balyus at ang may pinakamataas na bilang ng pagpapahalaga ay "matalinong paggamit ng mga kayamanan".

III. Dimensyong Nangingibabaw sa mga Alamat ng mga Lungsod ng Ikatlong Distrito ng Bohol

Batay sa masusing pagsusuri na isinagawa sa labinsiyam (19) na mga alamat, makikitang ang lahat ng alamat ay naglalaman ng dimensyong pisikal na may kabuuang bilang dalawampu't lima (25) at nakakuha ng pinakamataas na bilang. Nangangahulugan na likas na binibigyan ng paglalarawan ng mga alamat ang mga tao, bagay at pangyayari ayon sa kaayusan at kagandahan nito. Lantad na ipinapakita ang paglalahad ng pisikal na mga hudyat sa mga alamat na ito.

Sa masusing pagsusuri na isinagawa sa labin-siyam (19) na mga alamat, makikitang ang lahat ng alamat ay naglalaman ng dimensyong intelektwal na may kabuuang bilang na dalawampu't isa (21). Ibinabahagi sa bawat alamat ang iba't ibang sitwasyon na nagbibigay ng palatandaan na may ginagamit ang matalinong pag-iisip. Lubos ang paggamit ng mausisang pagbibigay ng desisyon sa naturang mga sitwasyon. Samakatwid, pinapakita na may angking katalinuhan ang mamamayan sa iba't ibang lugar sapagkat naipapamalas nila ang kanilang angking kakayahan na makapagdesisyon sa anumang sitwasyon.

Lumabas sa pagsusuri na isinagawa sa labinsiyam (19) na mga alamat, makikita ito sa labindalawa (12) na alamat na makikita sa tabyular na paglalahad. may pitong (7) alamat na hindi naglalaman ng Moral at mas nakatuon ang mga alamat na ito sa ibang dimensyon.

Sa masusing pagsusuri na isinagawa sa labin-siyam (19) na mga alamat, makikita ito sa labinlimang (15) alamat: Malaki ang kanilang pagtitiwala sa sarili na sinusunod ang mga turo ng kanilang relihiyon o ng lipunan. Sa kabilang banda naman, hindi makikitaan ng ganitong dimensyon ang apat na (4) alamat na tumutukoy sa alamat.

Sa masusing pagsusuri na isinagawa sa labinsiyam (19) na mga alamat, makikita ito sa labimpitong (17) alamat. Pinapakita sa mga alamat na ito ang sosyal na pakikitungo ng mga tao sa lipunan at sa kapwa tao. Binibigyang pansin ang kahalagahan ng pakikipagkomunikasyon sa kanilang lugar. Sa pagkakaroon ng magandang pakikitungo, nagbubunga ito ng magandang ugnayan sa bawat isa. Dalawa (2) sa mga alamat naman ang hindi kakikitaan ng dimensyong sosyal.

Sa masusing pagsusuri na isinagawa sa labinsiyam (19) na mga alamat, makikita ito sa sampu (10) alamat. Pinapakita sa mga alamat na ito ang pagiging isang magigiting na pinuno. Binibigyang halaga rito ang paraan ng pagdedesisyon, mga mabibigat na paninindigan, at ang pagpapakita ng pagnanais na matugunan ang mga hinaing ng mga nasasakupan. Siyam na (9) alamat naman ang hindi kinakitaan ng politikal na dimensyon.

Sa masusing pagsusuri na isinagawa sa labin-siyam (19) na mga alamat, makikita ang dimensyong ekonomikal sa lahat ng alamat na may kabuuang bilang na dalawampu't isa (21). Ito ay nagpapakita ng pagpapakita ng mga kaparaanan ang mga tao sa sitwasyong nangangailangan na matugunan. Kinakailangan nila itong masolusyonan upang sila ay patuloy na matustusan

ang kanilang mga pangangailangan.

IV. Ang mga Kulturang Pilipino na Nangibabaw sa Bawat Alamat ng Ikatlong Distrito ng Bohol

Sa **Alamat ng Alicia** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino na, *pagiging masunurin sa magulang at paggalang sa desisyon ng mga ito*. Sa kabila ng nagbabagong mundo at pagiging moderno ng ibang bansa. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansa na pinahahalagahan ang boses ng mga magulang at sinusunod ng mga anak. Makikita ito sa Alamat ng Alicia dahil si Alicia ay sumunod at iginalang ang suhestiyon ng mga magulang nito na huwag magpadalos-dalos sa nararamdaman para kay Elpidio. Iniisip lamang ng mga magulang ang kapakanan ni Alicia. Hindi nga sila nagkamali, bumalik na matagumpay si Elpidio at hiningi ang kamay ng kanilang anak.

Ang **Alamat ng Anda** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino na, *pagiging magiliw sa mga panaubhin*.

Kilala ang mga Pilipino sa pagiging “hospitable” sa mga bisita sa tahanan man o sa pamayanan. Ang alamat na ito ay nagpapakita na kahit hindi maintindihan ng kutsero ang dayuhan ay pinakitunguhan ito ng maayos. Maraming mga pangyayari sa iba’t ibang salin-dilang naratibo na may mga tauhang dumarayo sa Pilipinas at kahit hindi maintindihan ang wika ng mga ito ay pilit na iniintindi ng mga Pilipino para maihatid ang maayos na serbisyo.

Sa **Alamat ng Batuan** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino na, *pagiging totoo sa sarili*.

Si Batuan ay nagpapakatotoo lamang sa kaniyang nararamdaman. Kagaya ng isang tipikal na mangingibig ay sinunod niya ang kusa ng damdamin. Likas sa mga Pilipino ang hindi pagsuko at pagpursige sa isang bagay lalong lalo na’t alam nitong wala siyang tinatapakang iba. Sa alamat, namataan ang kulturang pagpapakatotoo sa sarili dahil sa kilos na ipinakita ng pangunahing tauhan.

Sa **Alamat ng Bilar** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino na, *pagkamadasalin at pagkamaka-Diyos*.

Ang mga Pilipino ay likas sa pagiging madasalin at may takot sa Diyos. Ang kulturang ito ay minana pa sa mga Espanyol na isa sa mga mananakop ng bansa. Sa alamat ay ipinapakita at inilalarawan ang isang babaeng maka-Diyos. Ang pagiging maka-Diyos nito ay ang isa sa nagtulak upang patuloy na gumawa ng kabutihang asal kahit na sa alanganing sitwasyon.

Sa **Alamat ng Candijay** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino na, *pagtangkik sa mga sa supernatural na nilalang*.

Tahasang ipinahayag sa alamat ang pag-iidolo ng mga tao kay Dihay dahil sa angkin nitong tapang, kagandahan, at hindi maipaliwanag na kakayahan. Maituturing siyang isang supernatural na nilalang kung kaya’t ang mga tao ay tiningala si Dihay. Ang mga Pilipino alinsunod sa kalikasan ng mga ito ay mahilig sa mga personalidad na naaayon sa kani-kanilang preperensya. Isang magandang halimbawa sa ngayon ay ang mga *media influencers o vloggers* na sinusundan ng karamihan sa kasalukuyan.

Sa **Alamat ng Carmen** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino na, *maimpluwensya ang magulang sa desisyon ng anak*. Ibang-iba ang pamamalakad ng isang pamilyang Pilipino sa pamilya ng ibang lahi kagaya nang pamilyang dayuhan. Sa Pilipinas, kahit nasa hustong gulang na ang mga anak kay nakikinig pa rin ang mga ito sa suhestiyon ng mga magulang o hindi kaya'y humihingi pa rin ng gamay sa mga ito hinggil sa isang particular na desisyon na kanilang gagawin. Kagaya na lamang sa alamat na ito. Iginalang at sinunod ni Carmen ang desisyon ng mga magulang nito kahit ang kapalit nito'y kaligahayan sa kaniyang puso.

Sa **Alamat ng Dimiao** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *pagkakaroon ng lakas ng loob*. Iniidolo at tinitingala ang mag-asawang si Ida at Mayaw. Sila ang batayan ng isang mag-asawang may magagandang kaanyuan at masisipag. Sa kabila ng kahirapan, ang mag-asawa ay nagsumikap upang may maihain sa pang-araw-araw. Dahil sa kanilang kilos at gawi ay kinahumalingan sila ng kanilang mga kanayon. Ang mga paglalarawang ito ay isang magandang halimbawa ng kulturang Pilipino. Ang mga manggagawang Pilipino ay hinahangad sa mga dayuhang bansa dahil angking galing nito sa pagtatrabaho.

Sa **Alamat ng Duero** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *bayanihan*. Ang alamat ay nakatuon sa pagtutulungan ng mga mamamaya ng Duero sa pagtatayo at pagdidisenyo ng simbahan noong kapanahunan ng Kastila. Kahit na sa alamat ay nabanggit ang pag-aaway-away ng mga tao dahil sa samu't saring ideya upang mas mapaganda ang simabahan, ay hindi maitatanggi ang pagtutulungan o bayanihan ng mga mamamayan.

Sa **Alamat ng Garcia Hernandez** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *bayanihan*. Umiikot ang istorya ng alamat sa dalawang paring Kastila na nagbigay pag-asa sa mga Boholano sa iba't ibang paraan. Dahil sa dalawang pari ay nailabas ng mga Boholano ang diwa ng bayanihan. Nagtulong-tulong ang mga ito sa pagtatayo ng simabahan at pagpapa-unlad ng buong pamayanan na kalaunan ay ipinangalan sa dalawang pari na sina Padre Garcia at Padre Hernandez.

Sa **Alamat ng Guindulman** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *paglalakad*. Ang mga Pilipino ay isa sa mga abalang lahi sa buong mundo. Nakagawian na ng mga sinaunang Pilipino ang paglalakad dulot ng kawalan ng masasakyan. Kahit gaano man kalayo ay nilalakad nila ito nang walang kapagod-pagod. Madatnan man ng dilim kagaya ng nabanggit sa alamat ay hindi ito alintana ng mga Pilipino makarating lamang sa paroroonan.

Sa **Alamat ng Jagna** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *mapagmasid*. Ang istorya ng alamat ay umiikot sa mga kakaibang penomena na nangyayari sa Jagna Bay. Bahagi na ng kulturang Pilipino ang mapagmatyag sa mga nangyayari sa paligid nito. Isang kongkretong halimbawa ay ang pagsalakay ng mga Maute sa Bohol. Kung hindi dahil sa mga mapagmasid na mga Boholano ay hindi malalaman na nananahan na pala ang mga rebelde sa isa sa mga kweba ng Inabanga.

Sa **Alamat ng Lila** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *pagmamahal*

sa likas na yaman. Ang Pilipinas ay isa sa mga dinarayong destinasyon ng mga turista. Isa nga ang Bohol sa pinakabinibisitang lugar sa Pilipinas. Makikita sa ga atraksyon na inaalagaan ng mga Boholano ang likas na yaman upang mapreserba pa ito para sa mga susunod na henerasyon.

Sa **Alamat ng Loay** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *pagiging magiliw sa mga panauhin*. Kilala ang mga Pilipino sa pagiging “hospitable” sa mga bisita sa tahanan man o sa pamayanan. Ang alamat na ito ay nagpapakita na kahit hindi maintindihan ng tao ang dayuhan ay pinakitunguhan ito nang maayos. Maraming mga pangyayari sa iba’t ibang salin-dilang naratibo na may mga tauhang dumarayo sa Pilipinas at kahit hindi maintindihan ang wika ng mga ito ay pilit na iniintindi ng mga Pilipino para maihatid ang maayos na serbisyo.

Sa **Alamat ng Loboc** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *pagiging magiliw sa mga panauhin*. Ang mga Pilipino ay kilala bilang “hospitable” o magiliw sa mga bisita anumang lahi, edad, at estado sa buhay. Sa alamat na ito, makikita ang magandang ugali na bahagi na ng kulturang Pilipino sa pagtanggap ng panauhin. Kahit hindi maintindihan ng Pilipino ang sinasabi ng dayuhan ay nagsumikap siya na makasagot kung kaya’t sa di sadyang pagkakataon ay naisilang ang Loboc bilang pangalan ng lungsod.

Sa **Alamat ng Mabini** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *pagkakaroon ng lakas ng loob*. Kilala ang mga Pilipino na hindi madaling sumuko anumang problema ang dumating. Tahasang inilalarawan sa alamat na mas lumawig pa ang pangkabuhayan ng mga magsasaka sa Mabini sa kabila ng mga mapapait na karanasan dulot ng giyera. Nabanggit din sa alamat na lumawak ang impluwensiya ng Mabini sa mga karatig lupain.

Sa **Alamat ng Pilar** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *pagkakaroon ng debosyon sa mga santo at santa*. Makikita sa pagsusuri na ang mga Pilipino ay relihiyoso. Inilalarawan sa kwentong bayan na ito ay ang mahigpit na paniniwala sa mga poon. Itinuturing na mahalaga sa mga Pilipino ang kanilang relihiyon at ang kanilang paniniwala sa panginoon at paniniwala sa mga santo. Makikita sa mga Pilipino ang pagiging likas na may takot at malakas na pananampalataya. Sa tuwing may kinakaharap na problema, pasasalamat at mga dasal ay inilalapit ito sa Diyos na sinasamba na siyang nagbibigay buhay at pag-asa sa lahat. mga mapapait na karanasan dulot ng giyera. Nabanggit din sa alamat na lumawak ang impluwensiya ng Mabini sa mga karatig lupain.

Sa **Alamat ng Sevilla** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *pagkakaroon ng lakas ng loob*. Tahasang inilalahad sa alamat ang mga katapangang ipinakita ng mga mamamayan ng Sevilla. Maliban sa ang mga ito ay matatapang, ang mga mamamayan rin dito ay masisipag kung kaya’t hindi maikakaila ang tuluyang pag-unlad ng lungsod. Ang pagkakaroon ng lakas ng loob ang naging pundasyon at sandata ng Sevilla para harapin ang mga pagsubok.

Sa **Alamat ng Sierra Bullones** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *pagkakaroon ng lakas ng loob*. Kagaya ng mga naunang alamat, ang Sierra Bullones ay nakatikim din ng dagok sa panahon ng mga mananakop. Likas na

magaling ang mga Pilipino sa pagtitiis at hindi pagsuko sa anumang hamon. Nakasaad sa alamat na ang lakas ng loob ng mga taga-Sierra Bullones ay nagmumula sa taimtim na pananampalataya nila sa Panginoon.

Sa **Alamat ng Valencia** ay kinakitaan ng kulturang Pilipino ang *pagkamadasalin at pagkamaka-Diyos*. Ang mga Pilipino ay likas sa pagiging madasalin at may takot sa Diyos. Ang kulturang ito ay minana pa sa mga Espanyol na isa sa mga mananakop ng bansa. Sa alamat ay ipinapakita at inilalarawan ang isang babaeng maka-Diyos. Ang pagiging maka-Diyos nito ay ang isa sa nagtulak upang patuloy na gumawa ng kabutihang asal kahit na sa alanganing sitwasyon.

KONGKLUSYON

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay ginawang batayan para sa pagbubuo ng sumusunod na konklusyon:

1. May samu't saring nilalaman at paksain ang mga alamat sa ikatlong distrito. Halos magkapareho ang mga paksa ng alamat tungkol sa pagpapangalan ng lungsod na bunga ng hindi pagkakaunawaan ng magkaibang lahi.
2. May mga lantad at hindi lantad na mga dimensyon sa bawat alamat na sinuri. Naglalaman ang mga ito ng kaalaman na umaayon sa kasaysayan ng lugar kung bakit naging ganito ang pangalan nito sa kasalukuyan.
3. Ang Pisikal na dimensyon ay humakot ng pinakamataas na bilang na namataan sa mga alamat. Ito ay indikasyon na pinahahalagahan ng mga Boholano ang kaanyuan ng isang indibidwal. Ang kaanyuan ang magsasabi sa magiging estado sa komunidad ng isang indibidwal.
4. Ang implikasyon sa kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagbibigay ito ng suporta sa lokal na mga kaalaman sa ating lugar. Pinapalakas nito ang pagbabahagi ng kasaysayan na hango pa noong unang panahon.

REKOMENDASYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inaalok:

1. Likumin ang iba pang alamat sa ibang lugar ng Bohol na hindi sakop ng pananaliksik na ito.
2. Gamitin ang awtput nito sa pagtuturo ng edukasyon sa pagpapahalaga at panitikan.
3. Magsagawa ang LGU o lokal na pamahalaan ng mga hakbangin na malikom at maimbak ang mga kwentong bayan sabay nang pagpresenta ng sariling pagkakakilanlan ng mga Pilipino.
4. Gawing lunsaran ang mga kwentong bayang ito sa pagtuturo ng Mother-Tongue Based Instruction.

SANGGUNIANG BANGGIT

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia. (2019, March 25). Bohol. *Encyclopedia Britannica*. Retrieved from <https://bit.ly/3Jr5Ogv>

Casibual, J. (2022). Of women and monsters: A case study of Philippine creature urban legends. *Southeastern Philippines Journal Research and Development*, 27(2), 23–34. <https://doi.org/10.53899/spjrd.v27i2.143>

Commoner. (2020). Why Philippine mythology is a constant reminder of our roots. Retrieved from <https://bit.ly/3KR10kQ>

Indigenous Literature in the Philippines: Traditions and Transformations. (2023). yodisphere.com. https://www.yodisphere.com/2023/03/indigenous-literature-in-philippines.html#google_vignette

Pineda, A. (2024, June 13). Iloilo: A journey through the rich cultural tapestry of the Visayas - Geo Pinas. *Geo Pinas*. <https://geopinas.com/iloilo/>